


# CALIFORNIA ASIAN AMERICAN & PACIFIC ISLANDER VOTER GUIDE GABAY SA BOTANTE

**ELECTION DAY:  
TUESDAY, NOVEMBER 6TH, 2018**

**ANG ARAW NG ELEKSYON AY:  
MARTES, NOBYEMBRE 6, 2018**

*All communities are healthier, safer when everyone has access to an affordable home, a good education, and clear air and water.*



*Naniniwala kami na lahat ng komunidad ay mas magiging malusog at ligtas kapag ang bawat isa ay may kakayanang magkaroon ng paninirahan, mahusay na edukasyon, at malinis na hangin at tubig.*

Across California, many of our families are being displaced from their homes due to evictions and rising rent costs. Our schools and vital services are underfunded due to corporate tax loopholes, and profit-driven decisions are made at the expense of our health and safety. Asian American and Pacific Islander communities are affected by these issues as well as other communities of color. *Our struggles for better access and resources are interlinked with the historic and current fights waged by Black and Brown communities.*

This November, we have the power to build towards this vision and reinvest in our communities. Asian American and Pacific Islanders are voting at higher rates than ever, and our vote could be the deciding factor in this election!

**Join us and vote on  
Tuesday, November 6th!**

Sa buong California, maraming pamilya ang nawawalan ng tirahan dahil sa sapilitang pagpapaalis at sa patuloy na pagtaas ng halaga ng upa. Ang ating mga eskwelahan at mga mahahalagang serbisyo ay kinukulang ng pondo dahil sa kakulangan ng pagbubuwis sa mga korporasyon, at ang mga desisyong isinasagawa ay hindi binabatay sa kalusugan at kaligtasan ng ating mga komunidad kundi sa pagpapalaki pang lalo ng kanilang kinikita. Ang iba't ibang komunidad ng mga Asian American at Pacific Islander ay apektado ng mga isyung ito kasama nang iba't ibang komunidad ng iba pang mga lahi. *Kinikilala natin na ang ating pakikipaglaban para sa mas maayos na rekurso at pagkamit ng mga ito ay kaugnay ng makasaysayan at kasalukuyang laban at pakikibaka ng iba't ibang komunidad ng mga itim at kayumangging lahi.*

Sa Nobyembre, may kapangyarihan tayong muling sumandig sa ating mga komunidad at kumilos para buuin ang ating kinabukasan. Dumarami na ang mga Asian American at Pacific Islander na bumoboto, ang ating boto ay maaaring maging mapagpasyang salik sa eleksyong ito!

**Makiisa at bumoto sa Martes, Nobyembre 6!**

**PROP 1: THE VETERANS AND AFFORDABLE HOUSING ACT**

YES

Allows the state to issue \$4 billion in general bonds to fund affordable housing programs and projects for low-income Californians, farmworkers, and veterans.



**PROP 1: ANG BATAS UKOL SA MGA BETERANO AT ABOT-KAYANG PABAHAY**

OO

Pagpahintulot sa estado na mag-isyu ng \$4 billion na pangkalahatang bono (bonds) para pondohan ang mga programa at proyekto sa abot-kayang pabahay para sa mga mabababa ang sahod na mga taga California, mga manggagawang-bukid, at mga beterano.

**PROP 2: HOUSING BOND FOR HOMELESSNESS**

YES

Allows the state to use \$2 billion in bonds to build permanent supportive housing with mental health services for the homeless. It aims to address the housing needs of CA's chronically homeless population.



**PROP 2: BONO SA PABAHAY PARA SA MGA WALANG BAHAY O HOMELESS**

OO

Pagpahintulot sa estado na gamitin ang \$2 billion na bono para itayo ang permanenteng suportang pabahay kaugnay ng serbisyong pangkalusugan sa pag-iisip o mental health para sa mga walang bahay o homeless. Layon nitong tugunan ang pangangailangan sa pabahay ng populasyon ng California na talamak nang nagiging homeless.

**PROP 3: FUNDING WATER SUPPLY, QUALITY, AND WATER INFRASTRUCTURE**

YES

Allows the state to borrow \$8.8 billion in general bonds to fund safe drinking water, water-supply infrastructure, watershed protection and restoration. The proposal also provides extensive benefits and priority to disadvantaged communities and economically distressed areas.



**PROP 3: PAGPONDO SA SUPLAY NG TUBIG, KALIDAD, AT INFRASTRUKTURANG PANTUBIG**

OO

Pagpahintulot sa estado na umutang ng \$8.8 billion sa pangkalahatang bono para pondohan ang ligtas na inuming tubig, infrastuktura sa suplay ng tubig, pangangalaga ng watershed at pagpapanumbalik nito. Ang mungkahing ito ay magbibigay rin ng malawak na benepisyo at prayoridad sa mga komunidad na puros kawalan at sa mga lugar na salat sa kabuhayan.

**PROP 4: CHILDREN'S HOSPITAL BOND**

YES

Allows the state to borrow \$1.5 billion to fund grants for capital improvements, including construction, expansion, renovation and equipping for qualifying children's hospitals.



**PROP 4: BONO SA HOSPITAL PARA SA MGA BATA**

OO

Pagpahintulot sa estado na umutang ng \$1.5 billion para pondohan ang mga ibibigay bilang grants para sa pagpapaunlad ng kapital, kabilang na ang konstruksyon, pagpapalawak, pagbabago at masangkapan ang mga kwalipikadong hospital pambata.

**PROP 5: PROPERTY TAX TRANSFER**

NO

Allows homeowners 55 or older to transfer their property tax discount to their new home anywhere in the state, no matter the new home's market value or number of moves. This will result in loss in revenue of over \$2 billion for schools and social services.



**PROP 5: PAGLILIPAT NG BUWIS SA ARI-ARIAN**

HINDI

Pagpahintulot sa mga may-ari ng bahay na 55 taong gulang o pataas na mailipat ang kanilang diskwento sa buwis pampropyedad sa kanilang bagong bahay kahit saang lugar sa estado, anupaman ang halaga sa merkado ng bagong bahay o bilang ng paglipat-bahay. Magresulta ito ng pagkalugi na sobra \$2 billion para sa mga eskwelahan at mga serbisyong panlipunan.

HINDI

### PROP 6: PAGTANGGAL NG BUWIS SA GAS



Babaliktarin ang 2017 na bayad sa sasakyan at buwis sa gas na ipinanggagastos sa pagpa-gawa at pagpaunlad ng mga lokal na kalye, mga haywey ng estado, at transportasyong pampubliko, (kabilang na ang transit, bisikleta at mga proyekto para sa mga pedestrian). Kung maipasa, mawawalan ang estado ng \$5 billion bawat taon.

### PROP 6: GAS TAX REPEAL

NO

Overturns the 2017 car fee and gas tax that pays for repairs and improvements to local roads, state highways, and public transportation (including transit, bicycle and pedestrian projects). If passed, the state would lose up to \$5 billion per year.

WALANG POSISYON

### PROP 7: PAGTITIPID SA ARAW NG LIWANAG (DAYLIGHT SAVINGS)



Pagbibigay ng kapangyarihan sa lehislatura ng estado na gawing permanente ang daylight savings time, kung aaprobahan lamang ng kongreso.

### PROP 7: DAYLIGHT SAVINGS

NEUTRAL

Gives the state legislature the power to switch the state to permanent daylight savings time, but only if Congress approves.

OO

### PROP 8: REGULASYON NG DIALYSIS AT PAGKONTROL NG PRESYO



Paglimita sa halaga ng maaaring singilin ng mga klinika ng kidney dialysis outpatient para sa pangangalaga ng pasyente at paggagawad ng multa sa mga sobra sobrang singil. Pagbabawal sa mga klinika sa pamimili ng mga pasyente batay sa pinanggagalingan ng pambayad.

### PROP 8: DIALYSIS REGULATION & PRICE CONTROL

YES

Limits the amount outpatient kidney dialysis clinics may charge for patient care and imposes penalties for excessive charges. Prohibits clinics from discriminating against patients based on the source of payment.

OO

### PROP 10: PAGPAPALAWAK NG KARAPATAN PARA IPASA ANG LOKAL NA KONTROL SA PAGUPA



Pagpawalang bisa ng Costa Hawkins na batas ng estado at pagpahintulot sa mga awtoridad ng lokal na pamahalaan na piliin at magkaroon ng kakayahan na makapagsagawa ng mga hakbang sa pagkontrol ng upa sa mga residenteng ari-arian na naitayo pagkatapos ng 1995. Ang mungkahing ito ay makatutulong na maharap ang tumataas na halaga ng mga upa sa bahay at ng krisis sa abot-kayang pabahay sa California.

### PROP 10: EXPAND RIGHTS TO PASS LOCAL RENT CONTROL

YES

Repeals the Costa Hawkins state law and allows local government authorities the choice and ability to enact rent control measures on single family homes, and residential properties built after 1995. This proposal would help address the rising rent costs and housing affordability crisis in California.

Sa nakaraang 7-taon, ang upa sa Orange County ay tumaas ng 24%, na sa ngayon ang average na upa ay \$1871.

1 sa 4 na nangungupahan sa CA ay matinding nabibigatan sa halaga ng upa, gumagastos ng 50% o lampas pa ng kanilang kinikita para sa upa sa bahay noong 2015.



1 in 4 CA renters were severely cost-burdened, spending 50% or more of their income on rent in 2015.

In the last 7 years, Orange County rents increased 24%, with a current average rent of \$1871.

Hindi dapat naghihirap ang mga taga-California na manatili sa kanilang mga tahanan. Tayo ay nasa gitna ng krisis sa abot-kayang pabahay, at ang upa ay napakataas! Panahon na para bumoto ng **Oo sa Prop 10!**

Californians shouldn't be struggling to stay in their homes. We are in the middle of a housing affordability crisis, and the rent is too high! It's time to vote **Yes on Prop 10!**

**NO**

**PROP 11: REQUIREMENTS OF AMBULANCE WORKERS**

Requires private-sector emergency ambulance employees to remain on call during work breaks; exempts employers from potential liability for violations of labor laws.



**NEUTRAL**

**PROP 12: NEW STANDARDS FOR CONFINEMENT OF FARM ANIMALS**

Requires pork and veal sold in CA be produced without restrictive crates, and that eggs produced cage-free. Establishes specific square footage requirements for confinement of farm animals.



**HINDI**

**PROP 11: MANGGAGAWA NG AMBULANSYA PAGLABAG SA REGULASYON**

Kinakailangang ang mga empleyado ng pribadong sektor ng ambulansyang pang-emergency ay manatiling on-call habang nagpapahinga sa trabaho nila; inilibre ang mga employer mula sa potensyal na sagutin (liability) kung may paglabag sa mga batas paggawa.

**WALANG POSISYON**

**PROP 12: BAGONG PAMANTAYAN SA PAGKUKULONG NG MGA HAYOP PAMBUKID**

Kinakailangan na ang baboy at baka na ipinagbibili sa CA ay pinalalaki nang wala sa mga kahong limitado ang galaw, at ang mga itlog ay nagagawa sa mga layaw na inahin. Gagawa ng ispesipikong kwadradong sukat bilang reki-sito sa pagkukulong ng mga hayop pambukid.

**KEY DATES:**

Deadline to Register to Vote:  
**OCTOBER 22, 2018**

Deadline to Apply for vote-by-mail:  
**OCTOBER 30, 2018**

Join us and vote on:  
**NOVEMBER 6TH, 2018**



**MAHAHALAGANG MGA PETA:**

Katapusan ng Pagrehistro sa Pagboto:  
**OCT. 22, 2018**

Katapusan ng pag-apply para makaboto sa pamamagitan ng koreo:  
**OCT. 30, 2018**

Makiisa at bumoto sa:  
**MARTES, NOBYEMBRE 6!**

This voter guide is in partnership with: | Itong gabay para sa botante ay sa pakikipagtulungan ng:

